# TUNGKOL SA MGA MANUNULAT

Nagtuturo ng mga kurso sa sining at panitikan si Dennis Andrew S. Aguinaldo para sa Departamento ng Humanidades, College of Arts and Sciences sa UP Los Baños. Naging fellow siya ng mga palihan para sa malikhaing pagsusulat: AILAP, UST, UP, at IYAS. Nag-iimbak siya sa tekstongbopis.blogspot.com at may mga nailathalang piyesa online sa *Daluyan*, *ACT Forum*, *hal.*, *Busay*, *Bulatlat*, at *Plural*. May-akda siya ng mga aklat na *Shift of Eyes* at *Bukod sa maliliit na hayop*.

Si Arnold Tristan L. Buenaflor ay isang instruktor mula sa UP Baguio, nagtuturo ng mga subjects sa ilalim ng Departamento ng Wika, Panitikan, at Sining. Sa pamantasang ito rin siya nagtapos ng kolehiyo noong 2019 ng may degree sa Language and Literature. Kasalukuyan din siyang isang gradwadong estudyante sa UP Diliman sa ilalim ng MA Malikhaing Pagsulat. Naging fellow siya sa Palihang Rogelio Sicat 15 at Teaching LGBT Literature ng UP Likhaan. Sa labas ng pamantasan, siya ang Pangalawang Tagapagsalita ng militant Christian organization na Student Christian Movement of the Philippines at founding chairperson ng Bahaghari UP Baguio. Noong 2018, siya ay nagawaran ng Ignite Brave Award ng Amnesty International Philippines. Siya ay isang bakla at PWD (Psychosocial disability) na manunulat. Ilan sa mga akda niya ay nailathala na sa parehong lokal at internasyunal na mga jounal at publishing tulad ng *8letters*, *beestung*, *RFD Magazine*, at *Likhaan*. Ang kaniyang pen name ay TL Javier.

Lance Romulus Dayrit is currently a 2nd year BA Philippine Studies student at the University of the Philippines Diliman. He is currently the Director of the Committee on Membership of UP Sandigan para sa Ikauunlad ng Kamalayang maka-Araling Pilipino (UP SIKAP). In 2016, he was conferred with the Poet of the Year Award (English) at the 11th Gawad Digmaang Rosas for his collection of poems entitled "The Way of the General".

A graduate of MFA Creative Writing at De La Salle University - Manila, Lawdenmarc Decamora is the author of the following full-length poetry collections and chapbooks: *Love, Air* (USA: Atmosphere Press, 2021), *TUNNELS* (India: Ukiyoto Publishing, 2020), *Dream Minerals One* (USA: Ghost City Press, 2022), and *Lady Pat's Chapbook of Manicured Eyebrows for Post-Fordist Vending Machines* (UK: Newcomer Press, 2022). He has his creative and critical work published or forthcoming from *Humanities Diliman*, *Tomás*, *ANI*, *Philippines Graphic*, *Mabini Review*, *Asian Studies Journal*, *Philippine*

*Panorama*, among others. His work has also appeared in award-winning international literary journals and anthologies such as *The Best Asian Poetry 2021-22*, *Michigan Quarterly Review*, *Pleiades*, *The Common*, *South Dakota Review*, *Griffith Review*, *The Seattle Review*, *Mantis* (Stanford U), *Peripheries* (Harvard U), *The Columbia Review*, AAWW's *The Margins*, among other places. As a faculty researcher at the University of Santo Tomas (UST RCCAH), Lawdenmarc received nominations for the Best of the Net Award and the Pushcart Prize, has been long-listed for The Alpine Fellowship Writing Prize 2021 (UK), bagged the Poet of the Year Award at the 2022 Ukiyoto Literary Awards, and has become a fellow of both national and regional writing workshops—from Iligan and KRITIKA to Faigao, Lamiraw, and Pamiyabe. He lives in a serene coastal town in Pampanga.

Jose Velando Ogatis-I is currently a faculty member of the Department of Arts & Communication of the College of Arts & Sciences of UP Manila. He is also his college's Culture and Arts Coordinator. He is the founder of the UP Manila Belle, a cultural organization that develops students in the performing arts. He collects comic books and toys which he reviews in his Tambay Reviews Youtube channel.

Si Mark Andy Pedere ay 18 taong gulang mula sa Taguig City. Ang kaniyang panulat ay pangunahing umiikot sa mga paksang pampersonal patungong panlipunan: naratibo ng kabaklaan, karanasan sa "looban," at mga absurdong eksena mula sa pakikipagsapalaran sa sinimenteryong urban. Kasalukuyan siyang mag-aaral ng Malikhaing Pagsulat sa Filipino sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman at Asst. Kultura Editor sa *KALASAG*.

Si Jun Cruz Reyes o mas kilala sa tawag na "Amang" ng mga manunulat na kanyang ginabayan ay isa sa mga natatanging muhon ng panitikang Filipino at isa sa mga pinakamahahalagang manunulat ng Pilipinas. Ilan sa kanyang mga akda na nagkamit ng gantimpala sa Palanca Memorial Awards ay ang "Isang Lumang Kuwento" (maikling kuwento, 1973), at *Tutubi, Tutubi Huwag kang Pahuhuli sa Mamang Salbahe* (nobela, 1983). Nanalo rin ng National Book Award ang kanyang unang libro na Utos ng Hari at iba pang Kuwento, gayundin ang natamong pagkilala ng kanyang librong *Tutubi, Tutubi…* at *Etsa-pwera*. Ilan pa sa kanyang mga libro ay *Ilang Talang Luma Buhat sa Talaarawan ng Isang May Nunal sa Talampakan* (1998), *Armando* (2006), *Ang Huling Dalagang Bukid at ang*

*Authobiography na Mali: Isang Imbestigasyon* (2011), *Ka Amado* (2012), , *Panaghoy, Pagtutol* (2021), at *Hu U Rizal?* (2022), bukod pa sa maraming antolohiyang kanyang pinamatnugutan. Tumanggap din siya ng iba't ibang parangal tulad ng Dangal ng Lipi (1994), Gawad Alagad ni Balagtas (2002), at SEA Write Award (2014). Kasalukuyan siyang nagtuturo ng mga kurso sa malikhaing pagsulat at panitikan sa UP at PUP.

Tubong Hagunoy, Bulakan, si Soliman A. Santos ay mangingisdang nag-aral ng malikhaing pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Ang kanyang mga tula at maikling kuwento ay nalathala na sa iba't ibang publikasyon tulad ng *Philippine Collegian*, *Ani*, *Kalasag*, *Palihan*, *Likhaan*, *Entrada*, at iba pa. Nagwagi ng ilang gantimpala ang kanyang mga tula sa Gawad Rogelio Sikat at sa sentenaryo ni Ka Amado V. Hernandez noong 2003. Naging fellow siya sa tula sa 34th UP National Writers Workshop noong 1999. Kasalukuyan siyang nagtuturo ng panitikan at malikhaing pagsulat sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas.

Si Axle Christien J. Tugano ay kasalukuyang instruktor ng Kasaysayan sa Division of History, Department of Social Sciences, University of the Philippines Los Baños, Laguna. Nagtapos ng B.A. History sa Polytechnic University of the Philippines Manila (batch valedictorian, magna cum laude). Tinatapos ang kaniyang M.A. Philippine Studies sa Asian Center, University of the Philippines, Diliman, Quezon City. Nakapaglimbag ng mga artikulo sa mga refiradong dyornal sa *Diliman Review*, *Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature*, at *Asian Studies: Journal of Critical Perspectives on Asia* ng UP Diliman; *Katipunan Journal* ng Ateneo de Manila University; *Dalumat E-Journal*; *Tala Kasaysayan Journal*; at *Hasaan Journal* ng University of Santo Tomas; *Social Science and Development Review*, *Mabini Review*, at *Bisig Journal* ng PUP Manila; *Saliksik E-Journal* ng Bagong Kasaysayan Inc. (BAKAS); *Kawing Journal* ng Pambansang Samahan ng Linggwistika at Literaturang Filipino, ang papalabas na mga artikulo sa *Plaridel: A Philippine Journal of Communication, Media, and Society* at *Diliman Gender Review* ng UP Diliman at *Journal of Philippine Local History & Heritage* ng National Historical Commission of the Philippines; at ilang pag-aaral na inilathala ng ATAGAN Tayabas; ADHIKA ng Pilipinas at National Commission for Culture and the Arts; at Center for Philippine Studies ng PUP. Editor ng aklat na *Martes sa Escaler: Klase sa Historiograpiya ni Dr. Zeus Salazar* (2019). Nakapagsulat ng mga

pag-aaral tungkol sa lokal na kasaysayan ng Marikina, halimbawa ang talambuhay ni Kapitan Moy; kasaysayang institusyonal ng Marikina Sports Center, pedagohiya ng pagtuturo sa Noli Me Tangere at El Filibusterismo (2021), at kasaysayang pangkapaligiran na tumuon sa mga pagbaha. Kasamang tagapagtatag at nagsisilbing pangulo ng Kapisanan ng mga Mananaliksik sa Kasaysayan ng Marikina (KAMAKASAMA) na naglalayong isulong ang pag-aaral ng lokal na kasaysayan ng Marikina. Noong 2021, natanggap niya ang karangalan bilang Mananaysay ng Taon 2021, Ikatlong Gantimpala na iginawad ng Komisyon sa Wikang Filipino. Ang kaniyang interes sa pananaliksik ay nakatuon sa araling pangmanlalakbay, diaspora at/o migrasyon, ugnayan ng Pilipinas sa ibayong dagat at Timog Silangang Asya, identity studies, at lokal na kasaysayan.

Si Roberto Ofanda Umil o kilala rin bilang 'Abet' ay isang manunulat, tagasalin, mananaliksik, filmmaker, at tagapagtanghal: may-akda ng dalawang aklat ng panulaan, at editor ng antolohiya ng dalawa pang aklat ng mga tula, dagli, at sanaysay. Ang kanyang kritikal na papel, "Ang Kiskisan, Eskatolohiya at Pahiwatig ng Sumuling-suling na Kaluluwa ni Ismael, Pangunahing Tauhan ng, Sa Piling ng mga Bituin, ni Rogelio L. Ordoñez, Ayon sa mga Dalumat ng Tradisyong Vedik sa Yugto ng Pagkagumon (Rapture)," ay naipresenta sa Reading the Region 3, pagdiriwang ng Buwan ng Sining 2022. Kabilang din ito sa mga artikulong lumabas sa *HIMAYA: Panitikan ng Pagbabanyuhay*, publikasyon ng National Commission on Culture and the Arts. Ang kanyang mga salin ng teknikal na sulatin at pampanitikan ay ginagamit sa abrod. Ginawaran ang kanyang mga tula sa Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature at iba pang gawad pampanitikan. Napasama siya bilang assistant director sa produksiyon ng isang short feature, 35 mm. film na Grand Prize sa International Film Festival, Cinemanila at iba pang gawad pampelikula. Ang mga dinirek niyang dokyu ay nagwagi sa CCP Alternatibong Gawad sa Pelikula at Video, at QCinema. Bokalista, lirisista, kompositor ng bandang BERSUS. Tinatapos niya ang kanyang MA thesis sa programang Araling Pilipino sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Produkto si Abet ng Rio Alma Poetry Clinic, National Workshop on Grassroots Writing ng Pambansang Unyon ng mga Manunulat (PANULAT), Galian sa Arte at Tula (GAT, 1989 post Rio Alma), UP National Writers Workshop at Ricky Lee Film and TV Writing Workshop. Nakadalo na rin siya sa mga internasyonal, pambansang komferensiya sa araling Pilipinas, pampanitikan, at nakapagtanghal sa pambansang

telebisyon. Dating segment producer sa programang dokyu ng isang TV network, at blogger sa isa pa. Kasalukuyang fakulti sa Kagawaran ng Filipinolohiya ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, Sta. Mesa.